# WIKA AT KULTURA SA PAMAMAGITAN NG KARANASAN

*by:*
**Trixia Carla C. Bonus**
*Teacher III, Pantalan Luma Elementary School*

Ang pagtuturo ng wikang Filipino sa Ikalawang Baitang ay hindi lamang tungkol sa pagkakabisado ng mga tuntunin sa balarila (grammar). Ito ay tungkol sa pagbibigay-buhay sa isang wika upang ito ay maging komportable, natural, at malalim na nakaugat sa pang-araw-araw na karanasan ng mga bata. Sa edad na pito, marami sa mga mag-aaral ang mas sanay sa wikang Ingles dahil sa mga pinapanood sa internet, kaya hamon para sa guro na gawing masaya at kaakit-akit ang sariling wika.

Noong itinuro ko ang paksang "Salitang Kilos" o Verb napansin kong marami sa aking mga estudyante ang nahihirapan kapag direkta silang pinagsusulat sa kuwaderno. Kaya naman, binago ko ang estratehiya at naglaro kami ng "Hulaan Mo!" (Charades). Ang isang mag-aaral ay bubunot ng isang papel at aarte sa harap ng klase nang walang lumalabas na tunog.

Isang batang lalaki ang umarte na tila may hinahawakang hose at winawisikan ang sahig. Agad na nagtaas ng kamay ang kanyang mga kaklase at sumigaw, "Siya ay nagdidilig ng halaman!" Ang isa naman ay umarte na tila naghahalo sa kawali, at sumagot ang klase ng, "Nagluluto si nanay!" Ang galaw at tawanan sa loob ng silid-aralan ay nag-alis ng takot sa mga bata na magkamali sa paggamit ng wikang Filipino.

Upang maging epektibo ang pagtuturo, mahalagang iugnay ang wika sa ating kultura sa pamamagitan ng mga kuwentong-bayan at pabula na sumasalamin sa karanasan, pagpapahalaga, at pagkatao ng mga Pilipino. Ang pagbabasa ng mga kuwento nina Pagong at Matsing o Ang Alamat ng Pinya ay hindi lamang nagpapalawak ng kanilang talasalitaan at pag-unawa sa wika; higit pa rito, nagbibigay ito ng

makabuluhang pagkakataon upang mas mapalalim ang kanilang pag-iisip tungkol sa mga ugaling Pilipino at mga aral na maaaring iugnay sa tunay na buhay.

Sa pamamagitan ng mga kuwentong ito, natututuhan ng mga mag-aaral ang mga pagpapahalagang tulad ng pakikipagkapwa, paggalang sa kapwa, katapatan, pagiging mapanagutan, at ang kahalagahan ng pagtitiyaga sa harap ng mga pagsubok. Nagiging mas buo ang kanilang pagkatuto dahil ang wika ay hindi na lamang nakikita bilang mga salita sa aklat, kundi bilang buhay na daluyan ng kultura at damdamin. Sa ganitong paraan, ang pagkatuto ay nagiging mas makabuluhan, mas malalim, at mas madaling maikabit ng mga bata sa kanilang pang-araw-araw na karanasan.

Matapos ang kuwento, imbis na magbigay ng tradisyonal na pagsusulit, tanungin ang mga bata: "Kung ikaw si Pagong, ano ang gagawin mo?" Ang pamamaraang ito ay nag-aanyaya sa kanila na gamitin ang wika sa pagpapahayag ng kanilang sariling saloobin at emosyon. Ang wika ay madaling natututunan kung ito ay kinatutuwaan at ginagamit sa totoong buhay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Plata, S. M., San Juan, D. M. M., Alontaga, J. V., & Quesada, M. A. A. (2025). Tech-Mediated Learning Resources for Developing Foundational Reading Literacy Skills in K to 3: Literature Review, Infrastructure Situation, Materials Availability Review and Policy Recommendations for the Philippines. Research Paper Series No. 005. https://www.researchgate.net/publication/395188199

Luza, A. (2026). A Blended Phonics and Play-Based Literacy Intervention: Effects on Reading Fluency and Comprehension Among Key Stage 1 Learners. International Journal of Sustainability and Advanced Research. https://ijsair.com/index.php/ijsair/article/view/451

Monceda, J., Opingo, K. M., Duites, A., et al. (2025). Language Proficiency and Foundational Literacy of Grade One Learners: Basis for a Literacy Skills Enhancement Plan. British Journal of Teacher Education and Pedagogy. https://al-kindipublishers.org/index.php/bjtep/article/view/11676

Lacongan, N., & Celesio, M. C. (2026). A Case Study of Barangay Kaludan's Kindergarten Parents' Support for Emergent Literacy Practices at Home Towards a Development of a Proposed Literacy Program. International Journal of Sustainability and Advanced Research. https://www.ijsair.com/index.php/ijsair/article/view/173

D'Angelo, S., Cameron, L., Nfundiko, J. S., Igodoe, A. A., et al. (2023). Early Childhood Care and Education: A GPE KIX Scoping Study Working Paper. Global Partnership for Education. https://eric.ed.gov/?id=ED676047

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan